Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

## Baitang – 6 FILIPINO Aralin 3

**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Wingie C. Castillo |
| **Illustrator:** | Wingie C. Castillo |
| **Layout Artist:** | Mr. Valentin C. Sagun, Jr. |
| **Content Editor:** | Dr. Robert B. Lacayanga |
| **Language Editor:** | Mr. Werlito C. Batinga |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR |
| | Dr. Romela M. Cruz, SDS SDO-Mandaluyong City |
| | Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR |
| | Dr. Alyn G. Mendoza, CID Chief SDO-Mandaluyong City |
| | Dr. Ma. Gloria G. Tamayo EPS, FILIPINO - NCR |
| | Mr. Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR |
| | Mr. Werlito C. Batinga SDO EPS, Filipino MTB-MLE – Mandaluyong City |
| | Dr. Ruby E. Baniqued, LR EPS SDO-Mandaluyong City |
| | Ms. Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR |
| | Ms. Dorothy Grace I. Reyes, PDOII SDO-Mandaluyong City |
| | Mr. Calixto N. Camangeg, Librarian II SDO-Mandaluyong |

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)**

## ARALIN 3: ANG BALANGKAS, ANG PANG-ANGKOP AT ANG PANGATNIG: ATING ALAMIN

**INAASAHAN:**

1. Naibibigay ang impormasyong hinihingi ng nakalarawang Balangkas **F6EP-IIIa-i-8**
2. Nagagamit nang wasto ang pang-angkop at pangatnig **F6WG-IIIj-12**
3. Nasasagot ang mga gawaing inihanda ng guro

### UNANG PAGSUBOK

**Panuto**: Lagyan ng tsek (/) kung tama ang gamit ng pang-angkop at ekis (x) kung hindi.

______1. Biglang nawala ang galit niya.
______2. Ang batang mabait ay kalugud-lugod.
______3. Inubos niya ang pagkaing nakahain.
______4. Ang bunsong anak ay sumalubong sa ama.
______5. Nasa kanya nang lahat ang mga katangiang hinahanap mo.

### BALIK-TANAW

**Panuto:** Lagyan ng tsek (/) ang patlang kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng dapat tandaan sa pagsulat ng isang buod at ekis (x) kung hindi.

________1. Sikaping gamitin ang sariling pangungusap sa paggawa ng buod upang ito ay maging mas payak at agad mauunawaan.
________2. Isulat ang pamagat ng kuwento.
________3. Sa bawat paksa dapat mailalahad ang mga mahahalagang detalye na magbibigay ng mga kaisipang mag-uugnay sa paksa.
________4. Ang isinasama lamang sa isang buod ay ang mga pangunahing tauhan, ang mga mahahalagang pangyayari, at ang kinahinatnan nito.
________5. Hatiin sa bahagi ang teksto batay sa kuwento na bibigyang buod.

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Ang pagbuo ng **balangkas** ay mahalaga dahil napaiiksi nito ang isang mahabang teksto. Napapadali rin ng isang balangkas ang pagbubuod at pag-uunawa sa isang akda.

Uri ng balangkas:

1. Ang **anyong pamaksa** ay binubuo ng mga parirala.

2. Ang **anyong pangungusap** ay binubuo ng mga paksang pangungusap at ang detalye ng mga ito.

-Ang paksang pangungusap ay ang pinakamahalagang pangungusap sa isang talata. Ito ang nagbibigay o nagpapahayag ng diwa o kaisipan ng buong talata.

-Ang paksang pangungusap ay kadalasang nakikita sa unang pangungusap ngunit maaari ring matagpuan sa hulihan ng talata. Bihira lamang itong matagpuan sa gitna ng talata.

***Pormat sa Pagbabalangkas:***

(Pamagat) ______________________________

I.Pangunahing Kaisipan 1
  A. Sumusuportang detalye
  B. Sumusuportang detalye
    1.Ikalawang antas ng sumusuportang detalye
    2. Ikalawang antas ng sumusuportang detalye
II. Pangunahing Kaisipan 2
  A.__________________________________________________________
    1.____________________________________________
    2. ____________________________________________
  B.__________________________________________________________
    1.____________________________________________
    2. ____________________________________________
III. ____________________________________________________________

***Halimbawa ng Pagbabalangkas***

**Pakinabang sa Basura**

Alam ba ninyong ngayon ay may pakinabang na sa basura? Ginagamit na ngayon ang mga basura tulad ng mga bulok na gulay, prutas, dumi ng mga hayop, at iba pang natutunaw na bagay sa paggawa ng isang uri ng panggatong. Ito ay ang bio-gas.

Paano ba nagiging *bio-gas* ang mga basurang ito? Sa planta ng biogas dinadala ang mga dumi at basura. Sa isang bahagi inilalagay ang mga basura at hinahayaang mangasim at matunaw ang mga ito sa loob ng ilang araw sa tulong ng mikrobyong *anaerobic*. Ang likido na nakukuha sa pagkatunaw ng mga basura ay ang biogas. Sa isa pang bahagi ng planta inililipat ang bio-gas at dito iniimbak nang ilang araw bago gamitin.

Ano naman ang gamit ng *biogas*? Ang biogas ay ginagamit sa pagluluto ng pagkain. Ginagamit din itong gas sa mga ilawan. Pinatatakbo rin nito ang mga makinaryang pang-industriya tulad ng traktora., *generator*, bomba ng tubig, at panggiling ng palay. May mga gumagamit na rin ng biogas bilang pampainit ng mga opisina at baha kung panahon ng taglamig.

*-Batayan: Landas sa Pagbasa 6, p. 152-53.*

**Sagot:**

Pakinabang sa Basura

I. Mga basurang ginagamit sa paggawa ng biogas.
II. Paano nagiging biogas ang mga basura?
    A. Dinadala sa planta ang mga dumi at basura.
        1. Inilagay sa isang bahagi ng palnta ang mga basura.
        2. Hinahayaang mangasim at matunaw ang mga ito.
B. Nagiging likido ang natunaw na mga basura.
        1. Inililipat sa isang bahagi ng planta ang bio-gas
        2. Dito iniimbak bago gamitin ang mga ito.
III. Mga gamit ng biogas.

Ang **pang –angkop** ay letra o katagang ginagamit sa pang-ugnay sa dalawang magkasunod na mga salita sa pangungusap upang maging madali o madulas ang pagbigkas sa mga ito. Sa paggamit ng pang-angkop, hindi nagbabago ang kahulugan ng mga salitang pinag-uugnay, mapalitan man ang pang-angkop na ginamit.

*Halimbawa:*
-mabait **na** bata
-bata**ng** mabait
-kaibigan**g** matalik

1.Ang pang-angkop na **na** ay ginagamit kapag ang unang salitang iniuugnay ay nagtatapos sa katinig maliban sa **n**.

*Halimbawa:*
-maunlad *na* bansa
-mahusay *na* artista

2.Ang pang-angkop na **ng** ay ginagamit kapag ang unang salitang iniuugnay at nagtatapos sa patinig.

*Halimbawa:*
-malaki*ng* bahay
-maamo*ng* alaga

3.Ang pang-angkop na **–g** ay ginagamit kapag ang unang salitang iniuugnay ay nagtatapos sa letrang n.
*Halimbawa:*
-kaibigan*g* matalik
-kasangkapan*g* luma

Ang **Pangatnig** ay kataga o salitang nag-uugnay ng dalawang salita parirala, sugnay o pangungusap.

May mga iba't ibang uri ng pangatnig.
1. ***Pamukod***- ginagamit upang itangi ang isa sa ibang bagay o kaisipan
• Ikaw **o** siya ang dadalo sa binyagan.

2. ***Paninsay***- ginagamit sa mga tambalang pangungusap kung ang unang parte ay salungat sa ikalawa .

| | | | |
|---|---|---|---|
| datapwat | sukdang | gayon man | bago |
| bagaman | habang | bagkus | kung sa bagay |
| subalit | samantala | maliban | kahit |

3. ***Panubali***- ginagamit sa kaisipang nagsasaad ng pasubali o pasakali.

| | | | |
|---|---|---|---|
| kung | kung di | sana | pag |
| kapag | sakali | saka-sakali | |

• Maliligo kami sa dagat sa Linggo **kung** hindi uulan.

4. **Pananhi**- tumutugon sa tanong na bakit, nagsasaad ng kadahilanan.

| | | | |
|---|---|---|---|
| dahil | sapagkat | dangan | gawa ng |
| kasi | kung kaya | mangyari | |

• Umiiyak si Annie **dahil** nawala ang bago niyang *cellphone*.

5. **Panlinaw**- ginagamit upang linawin ang nasabi na.

| | | | |
|---|---|---|---|
| anupa't | samakatuwid | sa biglang sabi | kaya |
| kung gayon | kung baga | | |

• Sinabihan siyang may ipis ang dala niyang basket kaya binitawan niya ito.

6. **Panulad**- ginagamit sa pagtutulad sa gawa at pangyayari.

kung ano, siya rin
kung alin, iyon rin
kung paano, ganon din
kung saan, doon din
kung gaano, gayon din

• **Kung gaano** mo minahal ang iyong kapwa, **gayon din** ang isusukling pagmamahal sa iyo.

7. **Panapos**- ginagamit sa pagsasaad ng wakas ng pagsasalita.

| | | |
|---|---|---|
| at sa wakas | sa bagay na ito | upang |
| sa lahat ng ito | nang | para |

• **At sa wakas**, lumigaya rin ang magkapatid matapos ang mga pagsubok sa buhay.

## GAWAIN 1

**Panuto**: Basahin ang maikling teksto at sagutin ang mga tanong. Isulat lamang ang iyong mga sagot sa mga patlang at makagagawa ka na ng balangkas.

**Paghandaan Natin Ang Kinabukasan**

Mag-aral ka nang mabuti. Habang nag-aaral pa, kailangang huwag magbibisyo kasama ang mga barkada. Sikaping magawa ang mga takdang-aralin sa paaralan. Higit sa lahat, pag-aralang mabuti ang bawat leksyong itinuturo ng guro.

Maging produktibo ka. Pag makatapos ng pag-aaral, tumulong sa mga magulang sa pagtataguyod ng pamilya. Maghanap ng mapagkakakitaan upang hindi maging pabigat sa magulang. Mahalagang mag-ipon ng pera bilang paghahanda sa mga hindi inaasahang gastusin.

**Mga Tanong:**

1.Sa unang talata, ano ang pinag-uusapan? Isulat ang sagot sa *Roman Numeral I.*

2. Habang nag-aaral, ano-ano ang tatlong bagay na dapat gawin? Isulat ang sagot sa malaking letra na A, B, at C.

3. Sa pangalawang talata, ano ang pinag-uusapan? Isulat ang sagot sa Sa *Roman Numeral II.*

4. Pag nakatapos ng pag-aaral, ano-ano ang tatlong bagay na dapat gawin? Isulat ang sagot sa malaking letra na A, B, at C.

Pamagat: ____________________________________________________________

I. Paksang Pangungusap________________________________________

A. Detalye________________________________________________

B. Detalye________________________________________________

C. Detalye________________________________________________

II. Paksang Pangungusap_______________________________________

A. Detalye________________________________________________

B. Detalye________________________________________________

C. Detalye________________________________________________

## GAWAIN 2

**Panuto**: Punan ng wastong pang-angkop ang sumusunod na parirala.

1. bayan______ sinilangan

2. sarili ______kababayan

3. bata_______gutom

4. maayos ____pamumuhay

5. kaibigan____maaasahan

## GAWAIN 3

**Panuto**: Piliin ang letra ng angkop na pangatnig at isulat sa patlang upang mabuo ang diwa ng pangungusap.

1. Nailigtas si Claire sa sakuna______nawalan siya ng paningin.
   A. bagaman B. paano C. nang D. kaya

2. Maghanap ka munang mabuti ________ ka magbintang.
   A. bago B. kaya C. man D. paano

3. Magpapakabait ka ba______ibabalik kita sa inyong probinsiya.
   A. kaya B. samantala C. o D. bago

4. Hindi ka pa nagbibihis________ayaw mong sumama.
   A. kung di B. maging C. samakatuwid D.samantala

5. Pinagsabihan kita________hindi ka nakinig.
   A. habang B. saka-sakali C. datapwat D.maging

## GAWAIN 4

**Panuto**: Piliin ang angkop na pangatnig sa diwang ipinahahayag sa pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Hindi nakapasok sa paaralan si Ana ( **kaya, dahil, upang** ) masakit ang kanyang tiyan.
2. Puwede ka nang kumain ng tinapay ( **at , o, ni** ) prutas pagkatapos mong maligo.
3. Dapat magkaisa ang kasamahan ( **upang, kung, dahil** ) walang mag-aaway.
4. Hindi niya lahat binasa ang mga tanong ( **o, kapag, kaya** ) mababa ang nakuha niya sa pagsusulit.
5. Lumakad ka na ( **dahil, kasi, habang** ) may tao pa sa bahay.

## TANDAAN

Ang pagbuo ng **balangkas** ay mahalaga dahil napaiiksi nito ang isang mahabang teksto. Napapadali rin ng isang balangkas ang pagbubuod at pag-uunawa sa isang akda.

Ang **pang –angkop** ay letra o katagang ginagamit sa pang-ugnay sa dalawang magkasunod na mga salita sa pangungusap upang maging madali o madulas ang pagbigkas sa mga ito. Sa paggamit ng pang-angkop, hindi nagbabago ang kahulugan ng mga salitang pinag-uugnay , mapalitan man ang pang-angkop na ginamit.

Ang **pangatnig** ay kataga o salitang nag-uugnay ng dalawang salita parirala, sugnay o pangungusap.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

Ano ang natutuhan mo sa ating aralin? Isulat ang iyong sagot sa ibaba.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto**: Buuin ang mga pariralang ginamitan ng mga pangatnig upang maging buong pangungusap. Hanapin sa hanay B ang karugtong ng nasa hanay A. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Magaganda | A. nang biglang kumulog. |
| 2. Umaaawit siya | B. dahil nahuli siya sa klase. |
| 3. Hiyang-hiya siya | C. para may matutuhan kayo. |
| 4. Mag-aral kayong mabuti | D. subalit nagmamadali siyang umalis. |
| 5. Niyaya ko siyang magtanghalian | E. at mamahalin ang kanyang mga gamit. |

## SANGGUNIAN

Marasigan Emily V. at Tesalona Louie C., Pinagyamang Pluma 6, Phoenix Publishing House,927 Quezon City Avenue, Quezon City: pahina 259 –260.
Sta. Maria, Aurora T. at Gagarin, Eleonor M., Magsanay Tayo sa Filipino 6, Aklat Eskwela Publishing, Inc. pahina 134-135, 139-140
Belvez, Paz M., Landas sa Pagbasa 6, EduResources Publishing Inc., pahina 152-155
DepEd Most Essential Learning Competecies

## SUSI SA PAGWAWASTO

**ASSESSMENT**

**UNANG PAGSUBOK**

1. √
2. √
3. √
4. √
5. √

**BALIK TANAW**

1. √
2. √
3. √
4. √
5. √

**GAWAIN 1**

Paghandaan Natin Ang Kinabukasan

I. Pag-aaral
A. Huwag magbisyo
B. Gumawa ng takdang aralin
C. Pag-aralan ang mga leksyon

II. Pagiging Produktibo
A. Tumulong sa pamilya
B. Maghanap ng pagkakakitaan
C. Mag-ipon ng pera

**ASSESSMENT**

**GAWAIN 2**

1.g
2.ng
3.ng
4.ng
5.g

**GAWAIN 3**

1.A
2.A
3.C
4.C
5.A

**GAWAIN 4**

1.dahil
2.at
3.upang
4.kaya
5.habang

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

1. E
2. A
3. B
4. C
5. D